



## Mahalagang Balita tungkol sa Iyong Medi-Cal

### Sa Enero 2024, maaaring magbago ang iyong plano sa Medi-Cal

May plano ka ba sa Medi-Cal at nakatira sa isa sa mga county na ito – Butte, Colusa, Glenn, Nevada, Placer, Plumas, Sierra, Sutter, Tehama, at Yuba?

Sa Enero 1, 2024, itatala ka sa Partnership HealthPlan of California o Kaiser (Maaaring maging opsyon ang Kaiser mga county ng Placer, Sutter, at Yuba). Pamamahalaan ng Partnership ang iyong mga benepisyo, na kinabibilangan ng pangunahin at espesyalidad na pangangalaga, at mga serbisyo sa ospital.

Ang iyong pagiging karapat-dapat at mga benepisyo sa Medi-Cal ay **hindi** maaapektuhan ng pagbabagong ito sa Partnership, at hindi na kailangang tawagan ang iyong eligibility worker maliban kung kailangan mong i-update ang anumang personal na impormasyon. Hindi magbabago ang mga programa tulad ng tulong na cash (CalWorks), CalFresh, o SSI.

### Pwede ko bang panatilihin ang aking doktor?

Magagawa mong panatilihin ang iyong doktor kung nakikipagkontrata siya sa Partnership. Maaari mong tanungin ang iyong doktor kung nasa Partnership network siya. Maaari ka ring tumawag sa Partnership kung mayroon kang anumang tanong.

Kung **hindi** nagtatrabaho sa amin ang iyong doktor, maaari mong panatilihin ang iyong doktor sa loob ng 12 buwan sa ilalim ng “pagpapatuloy ng pangangalaga.” Kung nais mo ang pagpapatuloy ng pangangalaga, mangyaring tawagan ang aming Mga Serbisyo sa Miyembro sa sandaling sumali ka sa plano ng kalusugan ng Medi-Cal.

Kung gusto mo ng bagong doktor o kailangan mo ng tulong sa pagpili ng isa, tawagan ang Partnership pagkatapos ng Enero 1, 2024.

Kung hindi ka pipili ng doktor, pipili ang Partnership para sa iyo. Maaari mong palaging baguhin ang iyong doktor sa pamamagitan ng pagtawag sa amin.

### Mga Serbisyo sa Miyembro ng Partnership:

Kung may tanong ka tungkol sa iyong mga benepisyo sa kalusugan, tawagan ang aming Pangkat ng Mga Serbisyo sa Miyembro:

**(800) 863-4155**

TTY: (800) 735-2929 o 711

8 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes –  
Biyernes

Bisitahin ang aming website sa [PartnershipHP.org](https://PartnershipHP.org) o i-scan ang QR code para malaman ang higit pa.



## Pagsali sa Partnership

### Mayroon ka bang mga appointment o alinman sa mga sumusunod na mangyayari sa o pagkatapos ng Enero 1, 2024?

- Paggamot para sa isang problema sa kalusugan
- Operasyon o medikal na pamamaraan
- Mga pagbisita sa doktor kung malapit ka nang magsilang o nagsilang kamakailan lang

Kung gayon, tawagan ang Partnership.

### Maaari ba akong makakuha pa rin ng mga serbisyo ng Medi-Cal sa sandaling magkaroon ako ng Partnership?

Sasaklawin ng Partnership ang lahat ng serbisyon ibinigay ng iyong huling plano ng Medi-Cal. Sasaklawin pa rin ang ilang serbisyo ng Fee-For-Service o Medi-Cal ng estado (farmasya at para sa ngipin).

### Para malaman ang higit pa

Para malaman ang higit pa tungkol sa mga pagbabagong ito at kung paano panatilihin ang pagkuha ng pangangalaga sa panahon ng pagbabagong ito, pumunta sa website ng DHCS Medi-Cal sa [www.dhcs.ca.gov/MCP-Transition/Pages/Members.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/MCP-Transition/Pages/Members.aspx) o i-scan ang QR code.

**Sa Partnership, ang aming misyon ay tulungan na maging malusog ang aming mga miyembro, at ang mga komunidad na aming pinagsisilbihan.**

## Panatilihing saklaw ang iyong sarili at ang iyong pamilya!

### Siguraduhing up-to-date ang iyong impormasyon.

Mag-log in sa iyong account sa Medi-Cal at iulat ang anumang bagong pagbabago sa iyong pangalan, address, numero ng telepono, o email address, para magawa ng iyong county na makipag-ugnayan sa iyo.



For more details and to learn how to update your contact information, visit [KeepMediCalCoverage.org](http://KeepMediCalCoverage.org)

## Mga serbisyon saklaw ng Medi-Cal ng Estado

Ang mga serbisyon ito ay HINDI apektado ng pagbabago sa Partnership dahil saklaw ang mga ito ng Medi Cal ng estado.

### MGA SERBISYO NG PARMASYA

Magbibigay pa rin ang Medi-Cal RX ng mga serbisyo ng farmasya. Para sa mga tanong tungkol sa iyong benepisyo ng farmasya, tumawag sa:

**(800) 977-2273**

TTY: (800) 735-2929 o 711

24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo

8 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes – Biyernes

[www.medi-calrx.dhcs.ca.gov/member/](http://www.medi-calrx.dhcs.ca.gov/member/)

### MGA SERBISYO PARA SA NGIPIN

Magbibigay pa rin ang estado ng mga serbisyo para sa ngipin. Tumawag sa Medi-Cal Dental para malaman ang higit pa tungkol sa iyong coverage:

**(800) 322-6384**

8 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes – Biyernes

[www.smilecalifornia.org](http://www.smilecalifornia.org)

### Tingnan ang iyong koreo.

Magpapadala ng sulat sa iyo ang iyong mga county tungkol sa iyong kuwalipikasyon sa Medi-Cal.

Sasabihin sa iyo ng sulat kung kailangan mong sagutan ang isang form ng pag-renew upang malaman kung maaari ka pa ring makakuha ng Medi-Cal.

**Kung makatanggap ka ng form, ibalik ito sa pamamagitan ng koreo, telepono, personal, o online upang hindi ka magkaroon ng anumang puwang sa iyong coverage.**